

Ateneo de Manila University

Archium Ateneo

Filipino Faculty Publications


Filipino Department

2018

**Mánang Bidáy: Ang Imahen ng Babae na Pinatitingkad ng
Pangunahing Ideya at Bisang Pandamdamin ng Awiting Bayan**

Claudette M. Ulit PhD

Follow this and additional works at: <https://archium.ateneo.edu/filipino-faculty-pubs>

 Part of the [Education Commons](#), [Oral History Commons](#), [Social and Cultural Anthropology Commons](#), [Sociology Commons](#), and the [Women's History Commons](#)

MÁNANG BIDÁY: ANG IMAHEN NG BABAE NA PINATITINGKAD NG PANGUNAHING IDEYA AT BISANG PANDAMDAMIN NG AWITING-BAYAN SAGISAG KULTURA: MÁNANG BIDÁY

Claudette M. Ulit
Kagawaran ng Filipino
Pamantasang Ateneo de Manila

Itinatampok ng awiting-bayang Mánang Bidáy ang kultura ng pagliligawan ng mga Ilocano. Matutunghayan dito ang panunuyo ng isang lalaki sa Ilocanang si Mánang Bidáy na nagpamalas ng paninindigan sa kaniyang sariling pagpapasiya. Sa gayon, mainam itong lunsaran ng pagtalakay sa imahen ng babae na pinatitingkad pang lalo ng pangunahing ideya at bisang pandamdamin ng nabanggit na awitin.

Baitang: 7

Asignatura: **Filipino**

Saklaw na Panahon: **1 sesyon**

Markahan: **Ika - 3**

Kasanayang

Pampagtuturo: **F7PB-IIIa-c-13 (Nailalahad ang pangunahing ideya ng tekstong nagbabahagi ng bisang pandamdamin ng akda)**

MGA LAYUNIN:

• Kaalaman at Kakayahan

- Nakapagpapakilala ng mga Ilocana na nakapagpamalas ng sariling tapang at paninindigan sa iba't ibang sitwasyon.
- Naiintindihan ang nilalaman ng awiting-bayan na binasa at napakinggan.
- Nakaguguhit ng sariling interpretasyon mula sa mga nakuhang ideya sa pagbabasa/pakikinig sa awiting-bayan.
- Natutukoy ang pangunahing ideya at bisang pandamdamin ng awitin batay sa kinilatis na takbo ng mga pangyayari, kilos, ekspresyon o mga pananalita ng mga tauhan.
- Natutukoy ang pangunahing ideya at bisang pandamdamin ng awitin batay sa kinilatis na takbo ng mga pangyayari, kilos, ekspresyon o mga pananalita ng mga tauhan.
- Nakabubuo ng pananaw hinggil sa imahen ng babae na may taglay na pagpapahalagang pansarili.

• Saloobin

Nagiging bukas sa pagtanggap sa iba't ibang ideyang nagmumula sa palitang-kuro ng klase kaugnay ng awiting tinalakay.

- **Pagpapahalaga**

- Naigagalang ang pagpapasiya at paniniwala ng kapwa-tao.
- Napahahalagahan ang awiting-bayan ng isang etnisidad.

MGA KAGAMITANG PAMPAGTUTURO

- Pisara
- Yeso
- Manila paper
- Mga larawan
- Kopya/teksto ng awiting-bayan na *Mánang Bidáy*
- Paggamit ng *powerpoint presentation* kung may probisyon para rito.

PAMAMARAAN

Panimulang Gawin

Sisimulan ng guro sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga larawan ng mga kilalang Ilocana sa kasaysayan.

Halimbawa:



GABRIELA
SILANG



JOSEFA LLANES
ESCODA

- Magbigay ng mga impormasyon tungkol sa mga nakitang larawan.
- Ano ang naging ambag nila sa kasaysayan o kaya'y sa larangang kinabibilangan nila?
- Batay sa mga impormasyong napakinggan, ano-ano ang lumilitaw na katangian ng mga kababaihang ito? Magsasagawa ng palitang-kuro kaugnay nito. Makatutulong din kung nakapagbigay na ng takdang-aralin kung saan aatasang magsaliksik ang mga mag-aaral tungkol sa mga halimbawa ng mga kontemporaryong Ilocana na tumutugon sa layunin ng paksang tatalakayin.

PRESENTASYON

- Mula sa mga napag-usapan, mabibigyang-introduksiyon na ng guro ang isa sa mga popular na awiting-bayan ng mga Ilocano na mainam na lunsaran ng pagsusuri pa sa imahen ng isang Ilocana—ang *Mánang Bidáy*
- Magkakaroon ng pangkatang gawain ang klase. Bibigyan ang bawat pangkat ng tig-isang kapat (1/4) ng manila paper. Maaaring nakapagpadala na ng mga kagamitang pangguhit at pangkulay bilang takdang-aralin.

Iparirinig ang *Mánang Bidáy*. Mainam na nasa anyong awdiyo lamang (bagamat maraming makikitang awdiyo-biswal na bersiyon nito sa internet/Youtube). Kailangang magkaroon ng puwang para sa imahinasyon ang mga mag-aaral.

At dahil nasa wikang Ilocano ang karamihan sa makikitang kopya o awdiyo nito, habang inaawit, pasundan sa mag-aaral ang bersiyon nito sa Tagalog:

MÁNANG BIDÁY

Lalaki:
Manang Biday, pagbuksan mo nga
Ang bintana, iyong ibaba
Nang makita ko ang iyong ganda
Ay, mamamatay ako kung di ka maaawa

Babae:
At sino kang padaan-daan
Dito sa harding aking palaruan
Alam mo namang ako'y dalaga
Bulaklak ng lirio'y nakatikom pa

Babae:
Aking sasabihi'y iyong pakinggan
Pumaroon ka sa silangan
Manguha ka ng mangga,
At lansones pa, at ng iba pang makikita

Babae:
Kung mababa, bakit 'di mo abutin
Kung mataas, bakit 'di sungkutin
Kung nahulog, bakit 'di pulutin
Subalit dinadaan-daan mo lamang

Babae:
'Pag inihulog ko itong aking panyo
Ibabalik ng siyang makakapulot
Sapagkat nakasulat ang pangalan ko
At nabuburdahan pa ng puso

Lalaki:
Kuhanin mo iyang kutsilyo
At buksan mo ang dibdib ko
Upang mapakawalan ang poot
At ang hinanakit na sa aki'y nadarama mo.

MÁNANG BIDÁY

Lalaki:
Manang Biday, ilukat mo man
Ta bentana ikalumbabam
Ta kitaem 'toy kinayawan
Ay, matayakon no dinak kaasian

Babae:
Siasinnoka nga aglabaslabas
Ditoy hardinko nga pagay-ayamak
Ammon ngarud a balasangak
Sabong ni lirio, di pay nagukrad

Babae:
Denggem, ading, ta bilinenka
Ta inkanto 'diay sadi daya
Agalakanto't bunga't mangga
Ken lansones pay, adu a kita

Babae:
No nababa, imo gaw-aten,
No nangato, dika suk dalen,
No naregreg, dika piduten,
Ngem labaslabasamto met laeng

Babae:
Daytoy paniok no maregregko
Ti makapidut isublinanto
Ta nagmarka iti naganko
Nabordaan pay ti sinanpuso

Lalaki:
Alaem dayta kutsilio
Ta abriem 'toy barukongko
Tapno maipapasmo ti guram
Kaniak ken sentimiento.

- Ipaguhit sa mga mag-aaral ang nabuong ideya sa kanilang pakikinig sa awitin. Mainam na maipakita sa larawan ang sitwasyon at maging ang ekspresyon ng mga tauhan. Ibigay ang mga sumusunod bilang gabay na katanungang mapag-uusapan na rin habang gumuguhit.
 - Anong partikular na pangyayari o sitwasyon ang nagaganap sa awitin?
 - Ano ang napansin sa mga kilos, ekspresyon o pananalita ng mga tauhan?
- Makatitiyak na hindi man lahat, mayorya ng mga pangkat ang magsasabing pagliligawan o panghaharana ang pangyayari o sitwasyong nagaganap sa awitin. Maaaring susugan pa ito ng guro sa pamamagitan ng pagtatanong kung paanong dumating sa gayong interpretasyon nang sa gayon, mayroon mang pangkat na taliwas ang interpretasyon, matutulungan ang mga ito sa pag-unawa.

Halimbawa

Manang Biday, pagbuksan mo nga
Ang bintana, iyong ibaba

Manang Biday, ilukatmo man
Ta bentana ikalumbabam

Maaaring ipagtaka ang “pagpapababa” ng bintana dahil karaniwang ginagamit ang salitang “buksan”. Sa tradisyonal na bahay-lloco, literal na ibinababa ang mga bintana. May siwang ang mga dingding nito kung saan ilulusot ang mga de-tanggal na bintanang kahoy o sawali. (Magandang makapagpakita ng tunay na larawan ng mga tradisyonal na bahay-lloco upang higit na maging malinaw ang paglalarawan)



(larawan mula sa CCP Encyclopedia, vol. 1, Peoples of the Philippines, p. 315)

Gayundin sa paglilinaw ng mga salitang Tagalog o Iloco. Halimbawa ang ‘Manang’ na hindi lamang ginagamit sa Iloco upang tukuyin ang kapatid na babae (na literal nitong kahulugan sa kanila) at hindi lamang din upang magbigay-respeto, bagkus nangangahulugan din itong babaeng mayumi, mabini, at kagalang-galang. Maitutulad ito sa salitang ‘ading’ ng mga Iloco na hindi lamang tumutukoy sa kabuuang tawag sa nakababatang mga kapatid, kamag-anak o kaibigan. Ginagamit din itong panawag sa mga kasamahan sa trabaho o kaya’y paaralan upang ipakita ang paggalang gawa ng agwat ng edad o maging superyoridad. (Scheans, Daniel T., “Patterns of Kin-Term Usage Among Young Ilocanos and a Method for Determining Them”. *Philippine Sociological Review*, vol. 16. No. 1/2 [Jan. – Apr, 1968] pp. 17-29). Maaari rin itong kuning pagkakataon ng guro upang pag-usapan ang karaniwang gamit ng salitang “Manang” o “Manong” sa Maynila, halimbawa na sa mga kasambahay, drayber, guwardiya, o iba pang nasa larangan ng pagbibigay-serbisyo.


Isa rin opsiyon ang pagtalakay sa iba pang salitang katumbas nito sa iba pang lugar sa Pilipinas. Dahil nakatatandang kapatid ang literal na kahulugan ng “Manang” sa Iloco, maaaring magsimula sa gayong talakay. Isama na rin ang “Manong” upang makita ang baryasyon ng tawag depende sa kasarian. Mainam ito lalo na kung may mga mag-aaral na nagmumula sa ibang panig ng bansa. Halimbawa, maaaring bumuo ng tsart gaya nito:

	Ilocano	Bicol	Waray
Babae	manang	manay	mana
Lalaki	manong	manoy	mano

** Maaari pang palawakin ang listahan sa iba pang katawagan sa mga miyembro ng pamilya. layon ang pagdaragdag sa tinutungong layunin ng pagtuturo.*

Sa halimbawa pa lamang na nasa tsart, mapapansing halos iisa ang salitang-ugat na pinagmumulan ng mga katawagan -- makatutulong ang pagpapalawak dito ng guro upang maturo ang pagkakaugnay natin sa isa’t isa sa antas kultural at maging sa wika. Maipapasok na rin dito ang iba’t ibang anyo at gamit ng mga salita ayon sa konteksto nito. Sa ganitong paraan higit na mailalapit sa pag-unawa ng “Manang Biday” ang mga mag-aaral.

- Tuon ng awitin si Mánang Bidáy. Katunayan sa kaniya nakasentro ang kabuuan nito. Ilarawan siya batay sa naging kilos at ekspresiyon niya sa sitwasyong kinakaharap. Isulat ang pangalan ni Mánang Bidáy sa pisara at magsagawa ng *WordWeb*.



Ilang posibleng sagot:

- Manang
- Ilocana
- maganda gaya ng bulaklak ng lirio
- may paninindigan sa pinaniniwalaan at nararamdaman
- matapang
- may pagpapahalaga sa puri
- may tiwala sa sarili
- at iba pa

Alin sa inilistang katangian ang naglalarawan sa kaniyang pag-uugali?

** Daragdagan ng guro ang mga sagot ng mag-aaral kung kinakailangan sa pamamagitan ng isang maikling pagtalakay.*

Batay sa awitin at talakayan:

1. Paano pangangatwiran ang naging kilos o tugon ng babae sa panliligaw sa kaniya? Ilarawan ang pakikitungo ng babae sa kaniyang manliligaw.
2. Paano tinanggap ng manliligaw ang pakikitungo o tugong nabanggit?
3. Anong damdamin ang nangingibabaw sa awitin?
4. Anong pangunahing ideya ang ipinakikilala ng awitin batay sa sitwasyong ipinakita at sa nangingibabaw na damdamin nito?

PAGSASANAY

Magsagawa ng isang musikal na pagtatanghal ng awiting *Mánang Bidáy* nang isinasaalang- alang ang mga ekspresiyon, damdamin, kilos na binigyang-diin sa klase.

Bilang pagtataya, bubuo ng *rubrics* ang guro, halimbawa:

Kaayusan ng presentasyon	10
Katumpakan o katapatan ng presentasyon sa talakayan at nilalaman ng awiting bayan	10
Kabuuan	20 puntos

TAKDANG ARALIN

Maaaring pumili ng isa sa mga sumusunod:

1. Sumulat ng isang maikling sanaysay na pumapaksa sa halaga ng pagkakaroon ng sariling paninindigan at pagpapahalaga sa sarili.
2. Maghanap ng ibang anyo ng panitikan at/o kulturang popular (pelikula,

awitin, patalastas, atbp) na nagpapakita rin ng imahen ng kababaihang natalakay sa klase. Maghanda para sa isang maikling pagbabahagi nito sa klase.

SANGGUNIAN

Delos Reyes, Isabelo. *El Folk-Lore Filipino*. May mga salin sa Ingles nina Salud C. Dizon (Una at Ikalawang Kabanata) at Maria Elinora Peralta-Imson (Ikatlong Kabanata). Quezon City: University of the Philippines Press, 2010.

“Mánang Bidáy.” *Sagisag Kultura 3: Kultura at Edukasyon*. Quezon City: Filipinas Institute of Translation, 2015.

“Ilocano.” *CCP Encyclopedia of Philippine Art: Peoples of the Philippines, Aeta to Jama Mapun*. CCP Encyclopedia of Philippine Art 1. Manila: Cultural Center of the Philippines, 1994.

Scheans, Daniel T. “Patterns of Kin-Term Usage Among Young Ilocanos and a Method for Determining Them.” *Philippine Sociological Review* 16. 1/2 (Jan. – Apr. 1968): 17-29.

MGA LARAWAN

CCP Encyclopedia, vol. 1, Peoples of the Philippines, p. 315

http://jeanrojas.tripod.com/sitebuildercontent/sitebuilderpictures/g_silang.jpg

<http://msc.edu.ph/gsp/images/gsp-josefa.jpg>